

Pangkalahatang Tanaw

Ang mga istruktura ng pamilya sa Hong Kong ay sumailalim sa mga malalaking pagbabago sa loob ng nakaraang ilang dekada, kapansin-pansin ang paglaki ng mga pamilyang nukleyar, tulad ng pinangungunahan ng mga iba't ibang demograpiko at sosyo-ekonomiko na salik, tulad ng lumaking pakikilahok ng mga kababaihan sa lakas paggawa. Dahil sa pangkalahatang kakulangan ng mga patakaran at kaugalian sa trabaho na mabuti sa pamilya (FFEP) sa lugar na pinagtatrabahuhan, nahihirapan ang mga empleyado sa pagkamit ng balanse sa pagitan ng trabaho at buhay pampamilya.



2.53M sambahayan noong 2017

Ang domestikong sambahayan ay binigyang kahulugan ng Kagawaran ng Senso at Estadistika bilang isang grupo ng mga tao na nakatirang magkasama at gumagawa ng karaniwang probisyon para sa mga esensiyal ng pamumuhay. Ang isang tao na nakatirang mag-isa ay itinuturing din bilang isang sambahayan. Ang pamilya, ayon sa Nagkakaisang mga Bansa, ay binigyang kahulugan bilang yaong mga miyembro ng sambahayan, na may kaugnayan, sa espesipikong antas, sa pamamagitan ng dugo, pag-ampon o pag-aasawa.

Mga Mas Malilit at Mas Nukleyar na Pamilya



- Ang karaniwang laki ng sambahayan ay lumiit mula 4.5 noong 1971 tungong 2.9 noong 2011 at lalo bang lumiit sa 2.8 noong 2017.
- Ang bahagdan ng mga sambahayan na may anim na tao ay bumaba mula 16% noong 1986 tungong 3.3% noong 2016. Ang bilang ng mga sambahayan na bumubuo lamang ng mag-asawa ay lumaki, na nagpapahiwatig ng kagustuhan ng mas maraming mag-asawa na bumuo ng kanilang mga pamilya na sarili nila at may mas kakaunting o walang anak.
- Mayroon ding pamamayani ng mga matatandang tao/mag-asawa na nakatirang mag-isa. Sa pagitan ng 2001 at 2016, ang bahagdan ng mga domestikong sambahayan na binubuo ng mag-asawa at walang asawang mga anak ay bumaba mula 43% tungong 36.7%.

Mas Mababang Antas ng Pag-aasawa at Kakayahang Magkaanak



- May kalakaran para ipagpaliban ang pag-aasawa at hindi pag-aasawa sa kapwa kasarian. Sa pagitan ng 1981 at 2016, ang karaniwang edad ng unang pag-aasawa para sa mga kalalakihan ay tumaas mula 27 tungong 31.4, habang ang sa kababaihan ay tumaas mula 24 tungong 29.4.
- Noong 1981, 69% ng mga kababaihan na may edad 25 hanggang 29 ay may asawa. Ang katumbas na pigura para sa 2016 ay 27.7%. Ang pamantayang proporsyon ng mga kalalakihan na hindi kailanman nag-asawa ay lumaki mula 27.8% tungong 33.1%, habang ang sa kababaihan ay mula 20.1% tungong 28.5%.
- Ang pangkalahatang antas ng kakayahang magkaanak ay bumaba mula 65.2% noong 1981 tungong 35.8% noong 2016. Gayunman, ang antas ng kakayahang magkaanak para sa mga grupo na mas matatanda ang edad (35-39) nagpakita ang mga kababaihan ng pangkalahatang papataas na kalakaran – mula 34% noong 1981 tungong 57.3% noong 2016 – na nagpapahiwatig ng kalakaran sa pagpapaliban ng pag-aasawa at pagkakaroon ng anak. Ang karaniwang edad ng mga kababaihan sa kapanganakan ng unang anak ay tumaas mula 26.6 noong 1986 tungong 31.4 noong 2016.

Mas Maraming Diborsiyo at mga Magulang na Walang Kinakasama



- Ang bilang ng mga kautusan sa diborsiyo na ipinagkaloob noong 2016 ay nasa 17,196, kapansin-pansing mas mataas kaysa sa pigura noong 1981 (2,060).
- Bilang resulta, ang bilang ng mga magulang na walang kinakasama ay lumaki mula 61,431 noong 2001 tungong 73,428 noong 2016. Sa partikular, lumago ang mga inang walang kinakasama ng halos 20%, samantalang ang mga amang walang kinakasama ay lumago ng 18.8%. Karamihan sa mga magulang na walang kinakasama ay nakatira kasama ang kanilang mga anak.

Balanse ng Trabaho at Pamilya

17% lamang ng mga employer ang nagpatupad ng mga mabuting patakaran sa pamilya¹

Mga Oras ng Pagtatrabaho – Ang Hong Kong ang may pinakamahabang oras ng pagtatrabaho (2,606 kada taon) sa mundo, mula sa 71 lungsod na sinarbey sa Ulat sa Presyo at mga Kita ng UBS ng 2015. Sa kasalukuyan, walang probisyon ayon sa batas na nagtatakda sa pamantayan o ang mga sukdulang oras ng pagtatrabaho, bagaman 101 mula sa 107 bansa/rehiyon ay nagpakilala na ng ilang anyo ng mga limitasyon sa oras ng pagtatrabaho ayon sa batas, na may 41% ang nagpatibay ng 40-oras na linggo ng trabaho (*Batis: Internasyonal na Organisasyon sa Paggawa ILO*).

Bakasyon sa Pagiging Ina at Ama – Ang bakasyon sa pagiging ina ay 10 linggo lamang ang haba, maiksi sa 14-linggo na itinakda ng ILO, at ng Mainland China at Singapore (14 linggo). Ang bakasyon sa pagiging ama, na nasa 3 araw, ay pumapatak ring mababa sa mga kalapit na ekonomiya tulad ng Taiwan at Japan (5 araw).

Kung ano ang sinabi ng mga Empleyado...



22%

ay diniskrimina sa panahon ng pagbubuntis, bakasyon sa pagiging ina, at/o sa loob ng unang taon pagkatapos bumalik sa trabaho mula sa panganganak

20%

ng mga nagtatrabahong ina ay humarap sa mga hirap sa paghahain ng bakasyon upang alagaan ang mga anak¹

62%

ay nadarama na ang kanilang balanse sa trabaho at buhay ay lumala²

¹Pag-aaral sa Diskriminasyon sa Pagbubuntis at mga Negatibong Pananaw na Hinaharap ng mga Buntis na Kababaihan at Nagtatrabahong Ina sa mga Maliliit at Katamtamang Laking Negosyo, Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad, 2016

²Ang Estado ng Balanse sa Trabaho at Buhay sa Hong Kong Sarbey ng 2015, Negosyo sa Komunidad

Legal na Proteksiyon

Ang **Ordinansa sa Diskriminasyon sa Estado ng Pamilya (FSDO)** ay isinabatas noong 1997. Ginagawa nitong labag sa batas para sa sinumang tao o anumang organisasyon na diskriminahan ang isa pang tao, lalaki o babae, batay sa estado ng pamilya. Nangangahulugan ang 'estado ng pamilya' na isang tao na may responsibilidad na alagaan ang isang malapit na miyembro ng pamilya, alalaong baga, isang tao na may kaugnayan sa dugo, pag-aasawa, pag-aampon o pagiging magkamag-anak.

Inirekomenda ng EOC sa ilalim ng **Pagrepaso sa Batas ukol sa Diskriminasyon**:

- Na ipakilala ang karapatan ayon sa batas para sa mga kababaihan na bumalik sa kanilang dating posisyon sa trabaho pagkatapos ng bakasyon sa pagiging ina.
- Na magsagawa ng pananaliksik at pampublikong konsultasyon sa pagpapalawig ng proteksiyon sa ilalim ng FSDO na may kaugnayan sa pangangalaga ng mga malapit na miyembro ng pamilya mula sa dating pagsasamang pangmag-asawa, at mula sa kasalukuyan at mga dating relasyong kinakasama.

Tungkol sa Pagrepaso ng Batas laban sa Diskriminasyon:

<http://www.eoc.org.hk/eoc/graphicsfolder/inforcenter/dlr/default.aspx>

Mga batis mula sa Kagawaran ng Senso at Estadistika, HKSAR:

- Populasyon sa Kalagitnaan ng Taon ng 2017
- Populasyon ng 2016 Ayon sa senso
- "Mga Kababaihan at Kalalalahanan sa Hong Kong – Mga Susing Estadistika" (Edisyong 2017)
- Ulat na Tematiko sa Senso ng Populasyon ng 2011 sa Hong Kong: Mga Magulang na Walang Kinakasama

Karapatang-Ari © Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad, Enero 2018

Address: 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Tel: 2511 8211 Fax: 2511 8142 E-mail: eoc@eoc.org.hk Website: www.eoc.org.hk